PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna sa COVID-19:

## *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit kailangang magpabakuna?

Ang bakuna sa **COVID-19** ay makakahadlang **sa sakit na COVID-19**. Makakatulong ang pagbabakuna na mabawasan ang kalubhaan ng sakit na COVID-19 kung magkakasakit ka.

Ang COVID-19 ay sanhi ng isang coronavirus na tinatawag na SARS-CoV-2 na madaling kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba. Ang COVID-19 ay maaaring mild hanggang katamtaman, tumatagal lamang ng ilang araw, o maaari itong maging malubha, na nangangailangan ng pagpapaospital, masusing pangangalaga, o ventilator upang makatulong sa paghinga. Ang COVID-19 ay maaari ding magresulta sa kamatayan.

Maaaring lumitaw ang mga sintomas ng COVID-19 2 hanggang 14 na araw pagkatapos ng pagkakalantad sa virus. Ang isang tao ay maaaring magkaroon ng mild, katamtaman, o malubhang mga sintomas.

- Maaaring kabilang sa mga sintomas ang lagnat; panggiginaw; ubo; pangangapos ng paghinga o hirap sa paghinga; pagkapagod (kapaguran); pananakit ng kalamnan o katawan; sakit ng ulo; bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy; masakit na lalamunan; naninikip o tumutulong sipon; pagduduwal; pagsusuka; at pagtatae.
- Maaaring kabilang sa mas seryosong mga sintomas ang problema sa paghinga; patuloy na pananakit o presyon sa dibdib; bagong kalituhan; kawalan ng kakayahang magising o manatiling gising; at maputla, kulay abo, o kulay-asul na balat, mga labi, o selyula sa ilalim ng kuko (depende sa kulay ng balat).

Ang mga matatanda at mga tao sa anumang edad na may ilang nakapaloob na mga medikal na kondisyon (tulad ng sakit sa puso o baga o diabetes) ay mas malamang na lubhang magkasakit ng COVID-19.

Pagkatapos ng sakit na COVID-19, ang ilang tao ay nakakakuha ng Long COVID, isang pangmatagalang kondisyon na may mga sintomas na tumatagal nang 3 buwan o mas matagal pa. Ang mga sintomas ng Long COVID ay maaaring bumuti, lumala, o manatiling pareho.

Ang mga taong up to date sa pagpapabakuna sa COVID-19 ay may mas mababang panganib na magkaroon ng malalang sakit, pagkakaospital, at kamatayan mula sa COVID-19 kaysa sa mga taong hindi up to date. Ang pagbabakuna sa COVID-19 ay ang pinakamabuting paraan upang maiwasan ang Long COVID.

Ang pagkakaroon ng bakuna sa COVID-19 ay nakakatulong sa katawan na matutunan kung paano protektahan ang sarili mula sa sakit at mabawasan ang panganib para sa malalang sakit at mga komplikasyon. Bukod pa, ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng dagdag na proteksyon sa mga taong nagkaroon na ng COVID-19, kabilang ang proteksyon laban sa pagkakaospital kung muling nahawaan sila ng COVID-19.

## 2. Bakuna sa COVID-19

Ang na-update na 2024–2025 na bakuna para sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa lahat ng 6 na buwang gulang at mas matanda. Kabilang dito ang mga taong buntis, nagpapasuso, sinusubukang magbuntis ngayon, o maaaring magbuntis sa hinaharap.

Ang 2024–2025 na mga bakuna sa COVID-19 para sa mga sanggol at mga bata na 6 na buwan hanggang 11 taong gulang ay makukuha sa ilalim ng Emergency Use Authorization mula sa U. S. Food and Drug Administration (FDA). Mangyaring sumangguni sa Fact Sheet para sa mga Tumatanggap at mga Tagapag-alaga para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga taong 12 taong gulang ang edad at higit pa, ang 2024–2025 na mga bakuna sa COVID-19, na ginawa ng ModernaTX, Inc. o Pfizer, Inc., ay inaprubahan ng FDA..

Ang bakuna na Novavax COVID-19 Vaccine Adjuvanted (2024–2025 Formula) ay makukuha sa ilalim ng Emergency Use Authorization mula sa FDA para sa mga taong 12 taong gulang at higit pa. Pakitingnan ang mga Fact Sheet para sa mga Tumatanggap at mga Tagapag-alaga para sa karagdagang impormasyon.

- **Lahat ng 6 na buwang gulang at higit pa** ay inirerekomenda na makatanggap ng isang naaangkop sa edad na inaprubahan o awtorisadong na-update na 2024–2025 na bakuna sa COVID-19.
- **Ang ilang tao, gaya ng mga may kondisyong medikal o gumagamit ng mga gamot na nakakaapekto sa immune system,** ay maaaring mangailangan ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19. Mapapayuhan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

U.S. CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon na ng **allergic na reaksiyon pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa COVID-19** , o nagkaroon ng anumang **malubha na nagbabanta sa buhay na mga allergy**
- Nagkaroon ng **myocarditis** (implamasyon sa kalamnan ng puso) o **pericarditis** (implamasyon sa lining sa labas ng puso)
- Nagkaroon ng **multisystem inflammatory syndrome** (tinatawag na MIS-C sa mga bata at MIS-A sa mga nasa hustong gulang)

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna sa COVID-19 hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit, kabilang ang may COVID-19, ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling sila.

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.

## 4. Mga panganib ng isang reaksyon sa bakuna

- Ang pananakit, pamamaga, at pamumula kung saan itinuturok ang iniksiyon, lagnat, kapaguran (pagkapagod), sakit ng ulo, panggiginaw, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasukasuan, pagduduwal, pagsusuka, at pamamaga ng mga lymph node ay maaaring mangyari pagkatapos ng pagbakuna sa COVID-19.
- Ang myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso) ay bihirang nakikita pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19. Ang mga panganib na ito ay madalas na naobserbahan sa mga nagbibinata at mga lalaki na kabataang nasa hustong gulang na. Mababa ang tsansa na maganap ito.

Kung minsan, ang mga tao ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nahihilo ka o may mga pagbabago sa paningin o may umuugong sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magdudulot ng isang matinding allergic na reaksyon, ibang seryosong pinsala sa katawan, o pagkamatay.

Ang V-Safe ay isang sistema ng pagsubaybay sa kaligtasan na nagbibigay-daan sa iyo na ibahagi sa CDC kung ano ang nararamdaman mo, o ng umaasa sa iyo, pagkatapos makatanggap ng bakuna sa COVID-19. Makakahanap ka ng impormasyon at makakapagpatala sa V-Safe sa vsafe.cdc.gov.

## 5. Paano kung may isang seryosong problema?

Ang isang allergic na reaksyon ay maaaring mangyari pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang matinding allergic na reaksyon (hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, isang mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Humingi kaagad ng medikal na paggamot kung nakakaranas ang nabakunahang tao ng pananakit ng dibdib, pangangapos ng hininga, o pakiramdam ng mabilis na paghinga, mabilis na pagtibok ng puso, o parang binabayo ang dibdib matapos ang pagbakuna sa COVID-19. Ang mga ito ay maaaring mga sintomas ng myocarditis o pericarditis.

Para sa iba pang mga palatandaan na nagpapa-alala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at ang mga kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo

Ang Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo (Countermeasures Injury Compensation Program, CICP) ay isang federal na programa na maaaring makatulong na bayaran ang mga gastos ng medikal na pag-aalaga at ibang mga partikular na gastos ng ilang mga tao na seryosong napinsala ng ilang mga gamot o pagbabakuna, kabilang ang bakunang ito. Sa karaniwan, ang isang paghahabol ay kailangang isumite sa CICP sa loob ng isang (1) taon mula sa petsa nang pagtanggap ng bakuna. Upang matuto pa tungkol sa programang ito, bisitahin ang website ng programa sa www.hrsa.gov/cicp, o tumawag sa **1-855-266-2427**.

## 7. Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa COVID-19 Fact Sheets, mga insert na pakete, at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/emergency-preparedness-and-response/coronavirus-disease-2019-covid-19/covid-19-vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng mga bakuna sa COVID-19 sa www.cdc.gov/covid/vaccines/index.html.

Tagalog translation provided by Immunize.org